Pang-Gitnang Paaralan ng Sierramont
2016-2017 Mga Kinakailangan Lagda sa mga Dokumento
at mga Impormasyon sa Bagong Taon ng Pasukan

Maaari ng makuha ang mga impormasyon at mga dokumentong kinakailangang may lagda para sa 2016-2017 taon ng pasukan.

Maaari ninyong i- "download" ang mga pormang **A, B, at C** sa: http://sierramont.berryessa.k12.ca.us/ Kung kinakailangan, maaari ninyong kunin ang impormasyon sa harap ng tanggapan ng Sierramont mula 8:30 n.u. hanggang 3:00 n.h.simula Agosto 8, 2016.

Itong pakete ay naglalaman ng mahalagang impormasyon para sa 2016-2017 taon ng pasukan. Lahat ng kinakailangang mga porma ay dapat malagdaan at maibigay sa kawani ng paaralan kapag kinuha ng inyong anak ang kanilang pampaaralang talaan.

Lahat ng mag-aaral ay kinakailangang ibalik ang mga pormang **A, B, at C. Ang PORMANG BERIPIKASYON NG MAG-AARAL** ay ipadadala sa kanilang tahanan sa pamamagitan ng koreo sa kalagitnaan ng Agosto at kinakailangang maibigay pabalik.

Ang inyong anak ay hindi pinapayagang makuha ang kanilang pampaaralang talaan o magsimula sa paaralan kung itong mga dokumento ay hindi naibalik.

Mga Mahalaggang Petsa

8/10 Pagbebenta ng damit sa PE 3:30 nh-6 nh sa harap ng Tanggapan ng Paaralan
8/18 Ika-6 na Baitang Araw ng "WEB" 8-12:30 n.h., pamamahagi ng akalt at mga talaan.
8/19 Ika-7 Baitang pamamahagi ng aklat at talaan 8:00 n.u.. – 10:00 n.u.
Ika-8 Baitang pamamahagi ng aklat at talaan 10:n.u.. – 12:30 n.h.
8/22 Unang araw ng pasok magsisimula sa 7:55 n.u.
8/29 Araw ng pagkuha ng larawan, lahat ng baitang